Impormasyon sa mga hindi magandang reaksyon Pagkatapos ng Pagbabakuna (필리핀어)

Kapag ganito, ito ang gawin

. Kapag nagkaroon ng pamamaga o sakit kung saan kayo nabakunahan pagkatapos ng bakuna, lagyan ng malinis na tuyong tuwalya at gawin ang cold compress.

. Kapag nagkaroon ng sinat pagkatapos ng bakuna, uminom ng maraming tubig at magpahinga

. Pagkatapos ng pagbakuna at nakaramdam ng hindi komportable dahil sa mataas na lagnat o nakaramdam ng pananakit ng katawan at kung ano pa, makakatulong ang pag-inom ng pain relievers at gamot sa lagnat.

* Bago magpabakuna maghanda ng gamot para sa lagnat at pain reliever na nakabatay sa acetaminophen, at kapag pagkatapos ng bakuna at nagkaroon ng sintomas tulad ng pananakit ng katawan uminom ng pain reliever na gamot o gamot sa lagnat.

Kapag ganito, Magpatingin sa doktor

・Pagkatapos ng Pagbakuna hindi parin gumagaling ang pamamaga, pananakit, pamumula ng parte kung saan binakunahan kahit lumagpas na ang 48 oras.

・Pagkatapos ng pagbakuna at nagkaroon ng mga sintomas tulad ng hirap sa paghinga, sakit sa dibdib, patuloy na pananakit ng tiyan, at pamamaga ng paa sa loob ng 4 na linggo

・Pagkatapos ng pagbakuna nagkaroon ng malubha at patuloy ang nararamdamang pagsakit ng ulo sa loob ng 2 araw at mahigit, at walang bisa ang pain reliever at hindi makontrol o di kaya lumabo ang paningin.

・Pagkatapos ng pagbakuna biglang bumagsak ang enerhiya at nagkaroon ng sintomas na nakakaiba kaysa sa karaniwan.

・Pagkatapos ng pagbakuna nagkaroon ng pagdurugo at pasa sa ibang parte ng hindi nabakunahan.

Kapag ganito, tumawag sa 119 o pumunta sa Emergency Room

・Pagkatapos ng pagbakuna nahihirapan sa paghinga o matinding pagkahilo

・Pagkatapos ng pagbakuna namamaga ang labi, at mukha at nagkakaroon ng malubhang sintomas ng pantal sa buong katawan

・Pagkatapos ng pagbakuna biglang mawalan ng malay at biglang natumba.

<Ang pagsasalin na ito ay ginawa sa Danuri Call Center 1577-1366>